
10

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:

### Saloobin Tungkol sa Epekto ng Migrasyon Dulot ng Globalisasyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Saloobin Tungkol sa Epekto ng Migrasyon Dulot ng Globalisasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Lolijane D. Rivera | Braulio P. Lagadan -2nd |
| **Editor:** | Jhon Rey D. Ortal | Susan M. Aspili |
| | Blesilda B. Antiporda | Marilou P. Omotoy |
| | Marlene C. Castillo | Mhea Kathrine M. Acdan |
| | Antonniette Joanne A. Savellano | |
| **Tagasuri:** | Gina A. Amoyen | Marilou B. Sales |
| | Editha T. Giron | Aubrhey Marie R. Oasay |
| | Jackelyn R. Aguinaldo | Eric O. Cariño I |
| | Allan Macaraeg | Renato Santillan |
| **Tagaguhit:** | Eimie Aicytel G. Ramos | Clarence C. Manarpaac |
| **Tagalapat:** | Lolijane D. Rivera | Braulio P. Lagadan -2nd |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino | |
| | Arlene A. Niro | Marilou B. Sales |
| | Gina A. Amoyen | Aubrhey Marie R. Oasay |
| | Editha T. Giron | Jhon Rey D. Ortal |

Inilimbag sa Pilipinas ng
Department of Education – Region I
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Saloobin Tungkol sa Epekto ng Migrasyon Dulot ng Globalisasyon

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*


Sa modyul na ito, pag-aralan mo ang mga Saloobin tungkol sa Epekto ng Migrasyon Dulot ng Globalisasyon. Ito ay naglalaman ng mga gawain na hahamon sa kaalaman at kasanayan mo na masuri at maunawaan ang mga usaping may kinalaman sa mga saloobin tungkol sa epekto ng globalisasyon. Makakatulong ang pag-unawang ito sa paglinang ng tiwala at partisipasyon ng mga mag-aaral bilang mamamayan ng pamayanan, bansa at maging sa daigdig.

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto

- Naipapahayag ang saloobin tungkol sa epekto ng globalisasyon (***MELC 4***)

Sa araling ito, inaasahang malinang sa iyo ang mga kasanayan na:

1. naipapahayag ang mga saloobin tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon.
2. nasusuri ang mga saloobin tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon
3. nailalarawan ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin kung paano makilahok nang aktibo sa mga programa ng pamahalaan laban sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon
4. nakagagawa ng isang pagguhit na sumisimbolo sa saloobin ng mag-aaral tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon sa kanilang pamilya at para sa pamilyang may kamag-anak na OFW



# *Subukin*

Bago ka magsimula, sagutan mo ang mga tanong sa ibaba upang mataya ang iyong kahandaan sa tatalakaying aralin. Makatutulong ito para mawari mo ang nilalaman ng modyul na ito.

**Gawain 1. Paunang Pagtataya**

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at ilagay ito sa sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing naaapektuhan ng mga banta ng migrasyon sa pamilyang Pilipino?
   A. ang pamilya
   B. ang mga anak
   C. ang asawang naiiwan sa pamilya
   D. ang asawang nagtatrabaho sa ibang bansa

2. Ano ang kasunduang naging dahilan kung bakit ang mga nagsitapos ng mga *engineering degree* sa Pilipinas ay hindi nagiging *engineer* sa mga bansang lumagda nito?
   A. *Bologna Accord*
   B. *K-to-12 Curriculum*
   C. *Monroe Doctrine*
   D. *Washington Accord*

3. Ano ang ipinatupad na reporma ng pamahalaan ng Pilipinas noong 2010 upang maiakma ang kurikulum ng basic education ng bansa sa pamantayang global?
   A. *Bologna Accord*
   B. *K-to-12 Curriculum*
   C. *Monroe Doctrine*
   D. *Washington Accord*

4. Ang mga sumusunod ay kalimitang ugat ng pandarayuhan ng mga Pilipino, maliban sa isa:
   A. maghanapbuhay na may mataas na sahod
   B. paghihikayat ng mga kamag-anak na nakatira na sa ibang bansa
   C. makapamasyal at makapaglibang sa mga makasaysayang pook
   D. matuto o mapag-aralan ng makabagong kasanayan at kakayahan


5. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng mga dahilan ng migrasyon?
   A. digmaang sibil
   B. pagkawasak ng pamilya
   C. kawalan ng trabaho sa pamayanan
   D. mas magandang oportunidad sa ibang bansa

6. Marami sa mga pamilya ng OFW ay nakakaranas ng pangungulila sa kanilang kaanak na humahantong sa pagkawasak nito. Alin sa sumusunod ang mabisang paraan upang sila ay matulungan?
   A. makisimpatya sa kanila
   B. bigyan sila ng sulat ang isa’t isa
   C. bigyan sila ng load na pantawag
   D. magtayo ng isang samahan ng mga pamilya ng OFW upang gumabay sa kanila

7. Alin sa mga sumusunod ang hindi totoo tungkol sa *Bologna Accord*?
   A. hango ang pangalan nito sa isang unibersidad sa Italy
   B. mabilis na naiaakma ang kurikulum ayon sa hinihingi ng industriya
   C. nilagdaan ito sa Vienna ng iba't ibang Ministro ng Edukasyon ng 29 na bansa
   D. naglalayon ang kasunduan sa pag-aakma ng kurikulum ng bawat isa upang ang nagtapos sa bansa ay madaling matanggap

8. Sa kabila ng mga banta sa kalagayan ng mga migranteng manggagawa marami pa ring mga Pilipino ang nangingibang bansa. Alin sa sumusunod ang hindi prayoridad ng mga Pilipino upang umalis ng bansa?
   A. upang makatulong sa pag-ahon ng pamilya sa kahirapan
   B. ang magkaroon ng pagkakataon na manirahan sa ibang bansa
   C. upang maging *domestic workers* at magkaroon ng maayos na trabaho
   D. ang makapaglakbay sa ibang bansa ay isang karanasan na hindi matutumbasan

9. Suriin ang *infographic* sa ibaba. Alin sa sumusunod ang totoo tungkol sa *infographic*?




Pigura 1. Mga Bansang nangungunang Destinasyon ng mga *Landbased* OFW
Halaw sa *Philippine Statitics Authority*, 2020 ([https://psa.gov.ph/infographics/subject-area/Economic%20Accounts](https://psa.gov.ph/infographics/subject-area/Economic%20Accounts))

   A. Ang mga OFW ay pang-*landbased* lamang.
   B. Mas maraming OFW ang pumunta sa UAE kaysa sa Saudi Arabia.
   C. Karamihan ng mga OFW na *landbased* ay pumupunta sa Gitnang Silangan.
   D. Ang mga OFW ay mas pinipiling pumunta at magtrabaho sa kalapit bansa tulad ng Saudi Arabia at UAE.

10. Si Lucy ay isang dating *domestic worker* sa Lebanon. Ayon sa kaniyang panayam, kinukulong siya ng kaniyang amo sa loob ng bahay na sarado ang mga bintana at pinto. Inuutusan siyang gumising ng alas-kuwatro ng umaga at matutulog ng ala-una ng madaling araw. Minsan isang buong magdamag siyang namalantsa ng mga damit ng kaniyang amo. Ano ang naging situwasyon ni Lucy?
   A. *forced labor*
   B. *human trafficking*
   C. *remittance*
   D. *slavery*

11. Bakit kinakailangan ng ibang mga magulang ang magtrabaho at mapalayo sa kanilang pamilya?
    A. Gusto nilang gastusin ang pera nila dahil sobra-sobra na ito para makapamasyal.
    B. Gusto nilang mag-*abroad* dahil sa kanilang mga anak at asawa, sa kabila nito ay para sa kanilang ikauunlad ng pamumuhay.
    C. Gusto nilang masiyahan dahil makakapamasyal sila sa mga magagandang lugar na mapupuntahan dahil sa pagtatrabaho nila sa ibang bansa.
    D. Gusto nilang makapagpupundar ng mga mamahaling ari-arian at maiangat ang kanilang pamumuhay at apihin ang dating nang-api sa kanila.

12. Alin sa mga sumusunod ay ang positibong epekto ang naidudulot ng migrasyon sa pamilya?
    A. pagkakaroon at pagtangkilik ng *imported* na kagamitan
    B. makapaglibang at makapamasyal sa mga magagandang lugar
    C. pag-usbong ng makabago at mas mabilis na paraan ng komunikasyon
    D. matutugonan ang mga pangangailangang pangkabuhayan para maitaguyod ang mas maginhawang pamumuhay ng pamilya

13. Ang pamilya ni Jun-jun ay nabubuhay sa pagsasaka, dahil sa mababang kita tuwing anihan, kaya napagpasyahan niyang mangibang bansa at iniwan na lang ang sakahan sa kanyang mga kapatid. Hindi naman siya nangulila, sapagkat may komunikasyon naman siya sa mga ito. Alin sa mga sumusunod ang naging epekto ng migrasyon sa buhay ni Jun-jun?
    A. ang pagbabago ng tradisyonal na pamilya sa transnasyunal na pamilya
    B. ang pagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan ng magkakapatid
    C. ang posibilidad na maging dayuhan sa sariling bayan
    D. ang pagtangkilik sa gawang dayuhan

14. Ang mga kabataan ngayon ay mahilig sa mga banyagang musika na mula sa Amerika, Espanya at Korea. Sa kadahilang ito, mangilan-ilan na lamang ang tumatangkilik sa musikang Pinoy. Anong paraan ang mabisang pang-iwas sa epektong ito sa pagbabago sa mga pagpapahalaga at pamamaraan sa pamumuhay ng kabataang Pinoy?
    A. ang pagtangkilik sa sariling gawang Pilipino
    B. ang hindi pagtanggap sa mga pagbabagong dulot ng globalisasyon
    C. huwag papansinin ang mga makabagong teknolohiya at pamamaraan sa buhay
    D. ang malalim na pagkakahubog ng mga magulang sa mga anak ukol sa mga pagpapahalaga at kultura bilang isang tunay na Pilipino

15. Si Anna ay isang *domestic helper* sa Macau at naiwan niya ang dalawang anak at ang asawang si Eloy sa Pilipinas. Halos maglilimang taon na siya doon at kahit pa marami siyang ginagawa ay nabibigyang oras niya pa rin ang pamilya upang kausapin ang mga ito araw-araw. Sa sitwasyon nila, ano ang epektibong paraan upang maiwasan at mapaghandaan nila ang epekto ng migrasyon sa kanilang pamilya upang hindi ito mauwi sa paghihiwalayan?
    A. pagkakaroon ng matatag na pagmamahalan, respeto, at tiwala sa isa't isa
    B. ang madalas na pag-uwi ng asawang nagtatrabaho sa ibang bansa
    C. panatilihin ang bukas na komunikasyon sa isa't-isa
    D. ang pagkakaroon ng mga *counseling centers*

Isang pagbati sa iyo. Ngayong natapos mo na ang paunang pagtataya, handa ka nang palawigin ang iyong mga kaalaman tungkol sa mga saloobin tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon.

# Aralin 1 Saloobin Tungkol Sa Epekto ng Migrasyon Dulot ng Globalisasyon

Ang migrasyon ay may malaking impluwensiya sa mga kabataan. Ang linyang "Paglaki ko, mag-aabroad ako!" ay nagsasaad ng masidhing pagkagusto at pagnanais ng mga anak na mangibang-bansa para makapagtrabaho tulad ng kanilang mga magulang (Anonuevo at Sopena, 2008).

Ang saloobing ito ay masasalamin sa iba't ibang kuwento ng totoong buhay sa likod ng pangingibang-bansa ng ilang mga Pilipino at hindi lingid sa ating kaalaman na hindi lahat ng mga OFW at ng kanilang pamilya ay naging matagumpay sa kanilang pangingibang bansa sa kabila ng paglayo sa pamilya.



## *Balikan*

Halika, sagutan mo ang gawain upang masubukan kung anong konsepto ang tumatak sa iyong isipan sa nakaraang modyul.

**Gawain 2: Talasalitaan**

Ibahagi ang iyong nalalaman sa mga sumusunod na salita. Ilagay ito sa isang buong papel.

1. Migrasyon
2. *Overseas Filipino Workers* (OFW)
3. *Brawn Drain*
4. *House Husband*
5. *Brain Drain*

Magaling! Nasagot mo nang mahusay ang gawain. Tara na! Dumako na tayo sa susunod na gawain.



## *Tuklasin*

Pagkakataon at panganib ang maibibigay ng migrasyon na dulot ng globalisasyon. Ngunit, may mabuting epekto ito sa migranteng manggagawa dahil sa malaking pasahod sa ibang bansa na makakatulong sa kanilang pamilya upang makaahon sa kahirapan at ang kanilang *remittance* ay nakakatulong din sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa.

Sa kabilang banda, may negatibo rin itong epekto sa mga migrante ang ilan pa sa kanila ay namamatay, nasasadlak sa sapilitang pagtatrabaho at nagiging biktima pa ng *human trafficking*. Ang mga karanasan ng karamihan sa mga migrante ay nasa gitna ng dalawang epekto ng migrasyon.

Pagtutuunan sa bahaging ito ang mga kalakip na isyu ng migrasyon partikular ang mga suliraning dulot nito. Kaya sagutan ang susunod na gawain.

**Gawain 3: *Krosalita***

Mula sa krosalita ay subukan mong hanapin, sa anomang direksyon, ang mga salita na tumutukoy sa bawat bilang at pagkatapos isulat ito sa sagutang papel kung ano ang siyang tinutukoy nito.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| F | Q | U | E | R | T | Y | G | E | E | H |
| A | O | B | U | H | X | T | A | I | R | U |
| R | S | R | E | F | U | G | E | E | I | M |
| O | I | A | C | I | C | F | J | V | L | A |
| P | T | I | S | E | E | B | A | O | U | N |
| Z | H | N | A | R | L | Z | I | P | P | T |
| S | G | D | N | K | I | A | M | U | E | R |
| E | B | R | A | L | D | Q | B | T | N | A |
| H | I | A | O | V | A | W | E | O | P | F |
| P | F | I | L | A | H | E | D | F | R | F |
| H | A | N | A | P | B | U | H | A | Y | I |
| U | M | A | B | E | U | T | O | R | D | C |
| M | I | P | U | T | T | N | S | T | A | K |
| A | P | O | R | W | W | A | L | Y | E | I |
| M | O | W | Y | X | A | K | O | F | N | N |
| B | T | Z | M | P | Y | G | R | I | E | G |

____________________ 1. Isang anyo ng *human trafficking* kung saan ang mga tao ay puwersadong pinagtatrabaho.

____________________ 2. Ang paglikas sa sariling bayan upang umiwas sa mga labanan, karahasan at gutom sanhi ng kalamidad.

____________________ 3. Nakapagbibigay ng malaking kita na hatid ay masaganang pamilya.


____________________ 4. Ang mga nakapagtapos sa Pilipinas ay mas piniling mangibang bansa para sa mas magandang oportunidad.

____________________ 5. Ang "pagre-*recruit*, pagdadala, paglilipat, pagtatago o pagtanggap ng mga tao sa pamamagitan ng di tamang paraan para sa hindi magandang dahilan tulad ng *forced labor* o *sexual exploitation*.

Mahusay! May mga isyung kalakip ng migrasyon ay may malaking banta sa kalagayan ng mga migranteng manggagawa.

Ayon sa tala ng International Labor Organization: (1) Halos 21 milyong tao ang biktima ng *forced labor*, 11.4 milyon dito ay mga kababaihan at 9.5 milyon naman ay mga kalalakihan; (2) Umabot sa 19 na milyon ang biktima ng eksploytasyon ng pribadong indibiduwal at mga kompanya at lagpas sa dalawang milyon naman ng mga rebeldeng grupo; (3) Sa mga biktima ng eksploytasyon, 4.5 milyon ay biktima ng eksplotasyong sekswal; (4) Nakalilikha ng US$ 150 bilyong illegal na kita ang forced labor taon-taon; at (5) Malimit na mga *migrant workers* at *indigenous peoples* ang nagiging biktima ng *forced labor* (Modyul ng Mag-aaral sa Araling Panlipunan 10 ng DepEd, 2017).

Nahihiwagaan ka na ba sa mga datos? Husayan mo ang pagbasa sa mga artikulo, ito ay makakatulong upang maunawaan ang saloobin tungkol sa epekto ng migrasyon na dulot ng globalisasyon.



# *Suriin*

**Mga Saloobin tungkol sa Epekto ng Migrasyon dulot ng Globalisasyon**

Pag-aralan ang mga siniping bahagi ng mga artikulo tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon. Pagkatapos sagutin ang pamprosesong mga tanong.

**Unang Artikulo**

**Globalisasyon, Kultura, at Kamalayang Pilipino**

Ang isang hamon ng globalisasyong nagaganap sa larangan ng ekonomiya para sa iba't ibang lipunan o bayan ay kung paano mapapanatili at lalo pang maitataguyod ang kani-kanilang pambansang identidad sa harap ng mga pagbabagong dala at dulot ng nasabing globalisasyon, tulad halimbawa ng mga pagbabagong dulot ng mga makabagong teknolohiya, sa kani-kanilang mga kultura o pangkalahatang pamamaraan ng pamumuhay. Kaugnay nito, pinangangambahan din na baka ang globalisasyon ay isa lamang instrumento ng pananakop ng mga makapangyarihang bansa sa mga di makapangayarihang bansa, sa pamamaraang di lantad o kaya ay naklilinlang. Kung ganito nga ang sitwasyon, ang ganitong uri ng pananakop ay masasabing mas masahol pa kaysa sa mga nakaraan, dahil ang sinisira nito ay hindi lamang ang ating pambansang kasarinlan kundi ang ating pambansang identidad mismo na siyang esensya ng ating pagka-Pilipino. Ang ating bayan, sa ganitong sitwasyon, ay para na lamang isang katawan na bagamat buo at gumagalaw pa ay wala nang sariling kamalayan o kaluluwa.

Halaw sa: https://ejournals.ph/article.php?id=7900

**Ikalawang Artikulo**

**Pinangangambahan ang Mas Nagkakabaha-bahaging Daigdig**

Marahil ang pinakamalaking ikinababahala tungkol sa globalisasyon ay ang ginawa nitong pagpapalawak sa agwat ng mayayaman at mahihirap. Bagaman ang kayamanan sa daigdig ay walang-alinlangang dumami, natipon naman ito sa iilang tao lamang at sa iilang bansa. Ang neto na halaga ng mga ari-arian ng 200 pinakamayayamang tao sa lupa ngayon ay nakahihigit nang 40 porsiyento kaysa sa pinagsama-samang kita ng mga taong nabubuhay sa planeta—humigit-kumulang 2.4 bilyon katao. At habang patuloy na tumataas ang mga kita sa mayayamang bansa, nasaksihan mismo ng 80 naghihirap na mga bansa ang pagbaba ng katamtamang kita sa nakalipas na sampung taon.

Ang isa pang pangunahing ikinababahala ay ang kapaligiran. Ang globalisasyon sa ekonomiya ay pinasigla ng mga impluwensiya ng pamilihan na mas interesado sa kita kaysa sa pangangalaga sa planeta. Ipinaliwanag ni Agus Purnomo, pinuno ng *World Wide Fund for Nature* sa Indonesia, ang tungkol sa problema: “Tayo’y patuloy na nagkukumahog sa pagsulong. Nag-aalala ako na sa loob ng isang dekada, tayong lahat ay magiging palaisip sa kapaligiran, subalit wala nang matitira pa para pangalagaan.”

Ikinababahala rin ng mga tao ang tungkol sa kanilang mga trabaho. Kapwa ang mga trabaho at kinikita ay lalong nagiging di-tiyak, yamang ginigipit ng pagsasama-sama ng mga kompanya sa daigdig at matinding kompetisyon ang mga kompanya na gawing mas simple ang kanilang mga palakad. Ang pag-upa at pagsisante ng mga manggagawa ayon sa kasalukuyang pangangailangan sa pamilihan ay waring makatuwiran para sa isang kompanya na nababahala sa paglaki ng kita nito, subalit nagdudulot ito ng labis na problema sa buhay ng mga tao.

Ang globalisasyon sa internasyonal na pangangapital at dayuhang pautang ay nagharap ng isa pang salik para sa kawalang-katatagan. Maaaring magpautang sa papaunlad na mga bansa ang mga pandaigdigang namumuhunan subalit sa dakong huli ay biglang kukunin ang kanilang salapi kapag lumalala ang situwasyon sa ekonomiya. Ang gayong malakihang paglalabas ng salapi ay makaka-apekto ng maraming bansa sa krisis sa ekonomiya. Ang krisis sa pananalapi sa Silangang Asya noong 1998 ang nagpangyari na mawalan ng trabaho ang 13 na milyong tao. Sa Indonesia, nalaman mismo ng mga manggagawang hindi natanggal sa trabaho na nabawasan nang kalahati ang halaga ng kanilang kinikita.

Kung gayon, mauunawaan na ang globalisasyon ay naghaharap ng mga pangamba at gayundin ng mga pag-asa. May dahilan ka ba para pangambahan ang globalisasyon? O inaasahan mo bang mas mapauunlad nito ang iyong buhay? Nabigyan ba tayo ng dahilan para maging optimistiko hinggil sa hinaharap dahil sa globalisasyon?

Halaw sa: http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/102002361


**Pamprosesong mga Tanong:** Ilagay ang iyong mga kasagutan sa papel.

1. Katanggap-tanggap ba bilang kalakarang pang-ekonomiya ang globalisasyon. Oo o Hindi. Bakit?
2. Ano ang epekto ng globalisasyon sa ekonomiya ng isang bansa lalo na sa mga karaniwang manggagawa?
3. Kailangan ba na gumawa ng ating pamahalaan ng mga pamamaraan upang di masyadong maramdaman ang masamang epekto ng globalisasyon sa mga karaniwang mamamayan. Oo o Hindi.Bakit?

Talaga naman na ikaw ay mahusay! Ngayon, ating pasidhiin ang iyong kaalaman dahil hindi lamang isyu ang magiging saloobin tungkol sa epekto ng migrasyon. Bagkus, may mga pamantayang internasyonal ang naging basehan para hindi mapag-iwanan ang mga migranteng Pilipino. Kaya tara, pag-aralan mo na ang mga pamantayang ito.

**Pag-angkop sa Pamantayang Internasyonal**


Sa patuloy na pagpapaunlad ng ating bansa upang makasabay sa mga bansang mauunlad ay may bagay na dapat baguhin dala na marahil ito sa patuloy na epekto ng migrasyon na dulot ng globalisasyon. Kaya kinakailangang sumali ang Pilipinas sa iba't ibang samahang internasyonal upang hindi naman mapag-iwanan ang mga migranteng Pilipino. Pag-aralan ang grap sa ibaba.




- Ang **Bologna Accord** ay hango mula sa pangalan ng University of Bologna sa Italy na kung saan nilagdaan ng mga Ministro ng Edukasyon mula sa 29 na mga bansa sa Europa, ito ay isang kasunduan na naglalayong iakma ang kurikulum ng bawat bansa para ang nakapagtapos ng kurso sa isang bansa ay madaling matatanggap sa mga bansang nakalagda rito kung siya man ay nagnanais na lumipat dito.

- Ang **Washington Accord** na nilagdaan ay kasunduang pang-internasyonal sa pagitan ng mga *international accrediting agencies* na naglalayong iayon ang kurikulum ng *engineering degree programs* sa iba't ibang kasaping bansa. Sumakatuwid, ang *engineering graduates* sa Pilipinas ay hindi itinuring na *engineer* sa mga bansang nabanggit, kaya maraming Pilipinong propesyonal sa ibang bansa ay hindi nakakukuha ng trabaho na akma sa kanilang tinapos.

- Bilang tugon ng pamahalaan ay ipinatupad ang **K to12 Kurikulum** na naglalayong iakma ang sistema ng edukasyon sa ibang bansa. Kung ihahambing noon, isa ang Pilipinas sa may maikling bilang ng *basic education* kaya *second class professionals* ang tingin sa maraming mga Pilipino. Inaasahan ng repormang ito na maiangat ang mababang kalidad ng edukasyon sa bansa at matugunan ang suliranin sa kawalan ng trabaho sa bansa.



# Pagyamanin

Tapos na ang talakayan. Ngayon palalimin pa ang iyong kaisipan sa pamamagitan ng pagsagot sa susunod na gawain.

**Gawain 4: Pagsusuri sa Kaso**

Suriin ang sumusunod na artikulo. Sagutin ang mga pamprosesong mga tanong matapos itong basahin.

**Kontrata ng mga Migranteng Manggagawa sa Gitnang Silangan**

Noong 1973, ang migrasyon ng mga manggagawa mula sa iba't ibang bansa sa Asya patungong Gitnang Silangan ay mabilis na umunlad dahil sa pagtaas ng presyo ng langis. Ang pag-angkat ng mga manggagawa ng bansang mayaman sa langis ay mula pa sa bansang India at Pakistan, sinundan ito ng mga manggagawang galing sa Pilipinas, Indonesia, Thailand at Korea, at sa huli ay ang mga taga-Bangladesh at Sri Lanka. Noong dekada 70, karaniwang mga kalalakihan ang mga tinatanggap na magtrabaho ng manwal sa mga proyektong konstruksyon. Ang pamahalaan ng mga bansa tulad ng India, Pakistan at Pilipinas ay aktibo sa pagpapadala ng mga manggagawa at bumuo ng mga kasunduan sa bansang nasa Gitnang Silangan. Hinimok din ang mga kompanyang konstruksyon ng Korea na makipagsundo na may kontrata sa mga bansang Arab, kasama na ang mga probisyon nito para sa mga manggagawa. Ang mga pribadong ahensiya ay pinayagan ng mga bansang nagpapadala ng mga manggagawa upang maorganisa nga pag-*recruit* (Abella, 1995). Bandang 1985, may 3.2 milyong manggagawang Asyano sa mga estadong nasa Golpo, subalit naganap ang pananakop ng Iraq sa Kuwait at Digmaang Golpo noong 1990-1991 na siyang dahilan ng pagpapauwi ng mga nasa 450,000 na manggagawa sa kani-kanilang sariling bansa.

Sa 1985 pa rin, pansamantalang nanghina ang sektor ng konstruksyon ngunit hinimok ang iba't ibang kontraktuwal na manggagawa na magtrabaho, partikular na sa sektor ng serbisyo. Tumaas ang demand para mga *domestic worker*, nars, mga *sales staff*, at iba pang nasa sektor ng serbisyo, dahil dito nagsimula ang peminisasyon ng mga manggagawa, at ang mga karaniwang kinukuha ay mula sa Sri Lanka at Indonesia. Pagkaraan ng ilang taon, ang iba pang bansa sa Gitnang Silangan tulad ng Lebanon, Jordan at Israel ay nagbukas na din sa pag-angkat ng mga manggagawa (Asis, 2008).

Ang mga mangagawang kababaihan ay lubos na pinagsasamantalahan sa pamamagitan ng eksploytasyon at sekswal na pang-aabuso, at nahihirap ang kani-kanilang bansa na bigyan sila ng proteksyon (Gamburd, 2005). Ang migrasyong Asyano sa Gitnang Asya sa nagiging iba na sa paglipas ng panahon. Samantala, ang ibang migrante ay nanatili bilang mga manggagawang may mababang kasanayan, ang iba naman ay may kaunting kasanayan tulad ng mga drayber, mekaniko, at iba pa. Ang iba naman ay mga propesyonal tulad ng mga inhinyero, nars at mga may kasanayang medikal.

Karamihan din sa mga nangangasiwa at teknikal na posisyon ay nakukuha ng mga Asyano ngunit tinuturing pa rin silang pangalawa dahil sa pangunguna ng mga tauhan ng mga kompanya na galing ng Europa at Hilagang Amerika. Sa kabilang banda naman, may mga migranteng manggagawang Asyano na hindi bahagi ng walang trabaho sa mga pook rural at urban sa kanilang bansa, ngunit sila ay may sapat na pinag-aralan, na sa paglisan nila sa kanilang bansa ay magkakaroon ng masamang epekto sa kanilang ekonomiya (Skeldon, 1992).

Ang mga Asyano naman sa bansang Arab ay nagkakaroon ng mahirap na kondisyon sa kadahilanang walang sapat na karapatan ng mga manggagawa at pagkakaiba ng kinalakihang kultura. Ang mga manggagawa ito ay hindi pinapayagan na tumira at dalhin ang kanilang mga kapamilya, at kinakailangan pang hiwalay ang titirhan. Ang iba pa nga kanila ay hindi na nahahawakan ang kanilang pasaporte dahil hawak na ito ng kanilang mga amo at minsan pa ay ikinakalakal na sila sa mga illegal na aktibidad. Dahil dito, maaaring silang ipatapon sa kanilang maling nagawa, kahit na labis-labis na ang kanilang pagtatrabaho. Marami pa sa kanila ang pinagsasamantalahan ng mga ahensiya na kumukuha ng mataas na bayad (umaabot ng 25 bahagdan ng kanilang sahod) at kadalasan ay nabibigo sa mga pinangako sa kanila na pagbibigay ng tapat na trabaho (The Age of Migration, page 130-132).

Halaw sa Modyul ng Mag-aaral sa Araling Panlipunan 10 ng DepEd (2017)
Isinalin sa Filipino ni Bb. Kiara Kate A. dela Cruz

**Pamprosesong mga Tanong:** Ilagay ang iyong mga kasagutan sa papel**.**


1. Punan ang dayagram sa ibaba ng mga alternatibong solusyon sa lahat ng mga suliraning nakaakibat sa artikulo. Sundin lamang ang *format.*

   **Suliranin:**
   - Solusyon:

   **Suliranin:**
   - Solusyon:

2. Bakit kinailangan ng mga bansa sa Timog-Kanlurang Asya ang mga manggagawa mula Timog at Timog-Silangang Asya?
3. Bakit sa taong 1985 ay kinailangan ang mga babaeng manggagawa sa Timog-Kanlurang Asya?
4. Mayroon bang diskriminasiyong nararanasan ang mga manggagawang Asyano kung ihahambing sa mga propesyonal mula sa Europa at Hilagang Amerika? Ipaliwanag ang sagot.
5. Ano ang masamang bunga ng pag-alis ng mga ‘skilled workers’ ng isang bansa?
6. Bakit sa kabila ng mga nararanasang pang-aabuso ng mga manggagawa ay ninanais pa rin ng mga ito na magtrabaho sa Kanlurang Asya? Ipaliwanag ang iyong sagot.
7. Paano tinutugunan ng pamahalaan ang pang-aabusong nararanasan ng mga manggagawa sa ibang bansa?

Binabati kita! Malapit mo nang matapos ang mga pagsubok. Ngunit, tandaan na may pagpapahalaga ka na dapat isaisip at isapuso. Ano pa ang hinihintay mo? Sagutan mo na ang susunod na gawain.



# Isaisip

## Gawain 5: Suri-Artikulo

Basahin at pagnilayan ang teksto sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong. Ilagay ito sa sagutang papel.

**Pinay na Ginahasa sa Saudi, Pumanaw na!**

Isang Filipina na pinaniniwalaang ginahasa ang namatay sa Saudi Arabia, ayon kay ACTS OFW Rep. Aniceto Bertiz. Sinabi ni Bertiz na namatay ang 35-anyos na si Irma A. Edloy habang ginagamot sa King Salman Hospital sa Riyadh dahil sa mga sugat na tinamo nito. Marami umanong sugat si Edloy sa mukha at katawan nang isugod sa ospital. Puno rin ng dugo ang damit panloob nito.

Si Bertiz ay miyembro ng delegasyon na pumunta sa Saudi upang asikasuhin ang mga *Overseas Filipino Worker* na nawalan ng trabaho roon.

*"Dumating siya sa Riyadh noong Hulyo 28, na punong-puno ng pangarap upang makatulong sa kanyang pamilya. Siya man ay namatay na, ngunit gagawin namin ang lahat upang hindi malimot at mabaon sa lupa ang kanyang kaso,"* ani Bertiz.

Agad namang sinuspende ni Labor Secretary Silvestre Bello ang Rejoice Employment International Corporation, ang agency ni Edloy, habang iniimbestigahan ang nangyari. Ang Principal Employer nito ay ang *Al Sayyar Recruitment* sa Riyadh.

Sinabi ni Bertiz na kailangang bisitahin ang *bilateral labor agreement* ng Pilipinas at Saudi na pinirmahan noong 2013 upang mabigyan ng dagdag na proteksyon ang mga OFW.

*"Kailangan nating bisitahin ang bilateral labor agreement sa Saudi Arabia para sa mga manggagawang Pilipino dahil parang hindi ito gumagana katulad ng napagkasunduan,"* ani Bertiz na bumisita kay Edloy kasama si Bello.


*"Si Edloy ay inatake sa puso matapos makita ang employer nito sa Saudi sa ospital. Marahil, may posibilidad na may kinalaman ang employer nito sa nangyari sa kanya,"* dagdag pa ni Bertiz.

Halaw sa: https://bandera.inquirer.net/129182/pinay-na-ginahasa-sa-saudi-pumanaw-na#ixzz6Qe2Wn51c

**Pamprosesong mga Tanong:** Ilagay ito sa sagutang papel.

1. Bilang isang Pilipino, ano ang iyong nararamdaman sa sinapit ni Edloy? Ipaliwanag.
2. Sa naging karanasan ni Edloy, ano-anong mga bagay ang dapat isaalang-alang gawin upang maiwasan ng mga maraming migranteng Pilipino ang sinapit niya? Ipaliwanag.

Magaling! Malapit mo nang matapos ang modyul na ito. Ngayon may matatag ka nang pundasyon sa konsepto ng modyul na ito. Ngayon, sagutan mo na ang susunod na gawain upang mas palawakin pa ito.



# *Isagawa*

**Gawain 6: Isulat mo na iyan!**

Mula sa nabasa mong artikulo tungkol kay Irma Edloy, mayroong mga suliranin ng migrasyon na dulot ng globalisasyon na siyang nangyayari sa mga OFW na pumupunta sa iba't ibang mga bansa sa ating daigdig.

Ngayon, gumawa ka ng isang sulat na makapaglalarawan ng iyong mga saloobin tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon at kung paano ka makakatulong para matutugunan ng ating pamahalaan na mabigyang solusyon o kalutasan ang mga suliraning ito. Maging malikhain sa paggawa nito.

**RUBRIK SA PAGMAMARKA NG SULAT**

| PAMANTAYAN | DESKRIPSYON | PUNTOS |
|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay may malinaw na naipahayag sa sulat na tungkol sa epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon at ang posibleng tugon sa mga suliraning hatid nito. Ang sulat din ay nanghihikayat ng sagot mula sa bumasa nito. | 10 |
| Pagkamalikhain | Gumamit ng angkop na paraan sa paggawa ng sulat. | 10 |
| Mungkahing Tugon sa Isyu | Nakapagbibigay ng wasto at makatotohanang mga mungkahi na makatutugon sa mga suliraning dulot ng migrasyon. | 10 |
| | **KABUUANG PUNTOS** | **30** |

Binabati kita! Mahusay mong naisagawa at nagampanan ang mga gawain sa modyul na ito. Ngayong may sapat ka nang kaalaman tungkol sa mga epekto dulot ng migrasyon bunga ng globalisasyon. Inaasahang makatutulong ka sa pagbuo ng mga hakbang para mabigyang solusyon ang mga di gaanong magandang epektong dulot nito. Tsek mo nga ang natutuhan mo sa mga tanong sa ibaba.



## *Tayahin*

**Gawain 7. Panghuling Pagtataya**

**Panuto**: Pagkatapos gawin at sagutan ang mga naunang bahagi ng modyul, sagutan mon a ang Panghuling Pagtataya (Post-test). Ito ay gagawin upang masukat ang iyong natutuhan ukol sa epektong dulot ng migrasyon bunga ng globalisasyon. Isulat ang titik ng napiling sagot sa isang hiwalay na papel.

1. Ano ang tawag sa mga pinapadalang pera ng mga migranteng manggagawa sa Pilipinas na siyang nakakatulong din sa paglago ng ekonomiya ng bansa at sa bansang pinagtatrabahuan nila?
   A. *forced labor*
   B. *remittance*
   C. *subsidy*
   D. *tariff*

2. Kung ihahambing noon, ang Pilipinas ay may maikling *basic education* kaya tinuturing na *second class professionals* ang karamihan sa mga Pilipino. Dahil dito, nagkaroon ng reporma sa sistema ng edukasyon noong 2010 na tinatawag na ____________.
   A. *Bologna Accord*
   B. *K-to-12 Curriculum*
   C. *Monroe Doctrine*
   D. *Washington Accord*

3. Ang mga sumusunod ay dahilan kung bakit may nagaganap na pag-alis o paglipat ng isang tao sa isang lugar, maliban sa isa
   A. nahikayat ng mga kamag-anak na nakatira sa *abroad*
   B. pag-aaral ng mga makabagong kaalamang teknikal
   C. makapamasyal sa iba't ibang tanawin sa mundo
   D. maghanapbuhay para kumita ng malaki

4. Noong 1985, pansamantalang itinigil ang mga proyektong konstraksyon sa Gitnang Silangan, ngunit humimok naman sila ng mga trabahong pangserbisyo, sila ay nangailangan ng mga lokal na manggagawa, nars at iba pang manggagawa. Anong kasarian ang kadalasan nilang kinuha sa mga trabahong ito?
   A. kababaihan
   B. kabataan
   C. kalalakihan
   D. miyembro ng LGBTQ+

5. Noong 2013, nagmula sa Asya ang pinakamalaking bilang ng mga imigrante na lumabas sa kanilang bansa. Ano ang mahihinuha rito?
   A. mas malaki ang oportunidad sa labas ng Asya
   B. kahirapan ang namamayani sa Asya at hindi kaginhawaan ng pamumuhay
   C. kakaunti ang oportunidad na makukuha ng mga Asyano sa kanilang bansa
   D. mas kinakakitaan ng malaking oportunidad ang mga Asyano bunga ng iba't ibang hanapbuhay na mapapasukan na angkop sa kanilang natapos

6. Si Lea ay nag-a*pply* bilang isang *domestic helper* sa bansang Malaysia. Ngunit, pagdating ng Malaysia ay hinarangan siya sa airport dahil sa bagahe niya na may laman na mga droga, at siya ngayon ay hinatulan ng kamatayan sa bansang inakala niya ay magdudulot ng magandang oportunidad para sa kanyang pamilya upang guminhawa. Ano ang tawag sa sitwasyon ni Lea?
   A. *forced labor*
   B. *human trafficking*
   C. *sexual exploitation*
   D. *slavery*

7. Noon ay itinuturing ang Pilipinas bilang isang ‘Tigre ng Asya.’ Alin sa mga sumusunod ang tamang paglalarawan sa taguring ‘Tigre ng Asya’?
   A. isang bansang maraming nabubuhay na tigre
   B. isang bansang masagana sa pinagkukunang-yaman
   C. isang bansang napapanatili ang paglago ang ekonomiya nito
   D. isang bansang aktibong nakikilahok sa iba’t ibang samahang internasyonal

8. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng mga dahilan ng migrasyon?
   i. digmaang sibil
   ii. pagkawasak ng pamilya
   iii. kawalan ng trabaho sa pamayanan
   iv. mas magandang oportunidad sa ibang bansa

   A. i lamang
   B. i at ii
   C. i, iii, at iv
   D. i, ii, at iii

9. Basahin ang dalawang pangungusap, tukuyin kung tama o mali ang pinapahayag ng mga pangungusap.
   i. Ang globalisasyon sa internasyonal na pangangapital at dayuhang pautang ay naghanap ng isa pang salik para sa kawalang-katatagan.
   ii. Maaaring magpautang sa papaunlad na mga bansa ang mga pandaigdigang namumuhunan subalit sa dakong huli biglang kukunin ang kanilang salapi kapag lumalala ang sitwasyon sa ekonomiya.

   A. Ang mga pangungusap ay parehong tama.
   B. Ang unang pangungusap ay tama, samantalang ang pangalawa ay mali.
   C. Ang unang pangungusap ay mali, samantalang ang pangalawa ay tama.
   D. Ang mga pangungusap ay parehong mali.

10. Nag-uunahan ang mga dayuhang korporasyon upang makapag-negosyo sa ating bansa. Alin sa mga sumusunod ang mga dahilan nila sa pagtatayo ng kanilang negosyo sa bansa?
    i. maganda at dekalidad na trabaho
    ii. murang lakas-paggawa
    iii. mababait at hindi reklamador na mga manggawa

    A. i lamang
    B. ii lamang
    C. ii at iii
    D. i, ii, at iii

11. Alin sa mga sumusunod ang naging dahilan ng pagtaas ng ekonomiya sa Gitnang Silangan na siyang dahilan sa pagtaas din ng pandarayuhang pagtatrabaho sa rehiyong ito noong 1973?
    A. iba’t ibang proyektong konstraksyon
    B. pag-unlad at pagtaas ng presyo ng langis
    C. pangangailangan sa mga babaeng manggagawa
    D. pagsabak sa Digmaang Golpo at ang pananakop ng mga Iraqi

12. Ang mga sumusunod ay naging kondisyon ng mga migranteng manggagawa, Pilipino man o ibang lahing Asyano na nasa Arab, maliban sa isa.
    A. tinuturing silang mga pangunahing manggagawa ng kanilang *employer*
    B. hindi pinapayagan na tumira at dalhin ang kanilang mga pamilya
    C. hinihawakan ang mga pasaporte ng kanilang mga *employer*
    D. walang sapat na karapatan bilang manggagawa


13. Alin sa mga sumusunod ay ang positibong epekto ang naidudulot ng migrasyon sa pamilya?
    A. pagkakaroon at pagtangkilik ng *imported* na kagamitan
    B. makapaglibang at makapamasyal sa mga magagandang lugar
    C. pag-usbong ng makabago at mas mabilis na paraan ng komunikasyon
    D. matutugonan ang mga pangangailangang pangkabuhayan para maitaguyod ang mas maginhawang pamumuhay ng pamilya

14. Ang pamilya ni Jun-jun ay nabubuhay sa pagsasaka, dahil sa mababang kita tuwing anihan, kaya napagpasyahan niyang mangibang bansa at iniwan na lang ang sakahan sa kanyang mga kapatid. Hindi naman siya nangulila, sapagkat may komunikasyon naman siya sa mga ito. Alin sa mga sumusunod ang naging epekto ng migrasyon sa buhay ni Jun-jun?
    A. ang pagbabago ng tradisyonal na pamilya sa transnasyunal na pamilya
    B. ang pagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan ng magkakapatid
    C. ang posibilidad na maging dayuhan sa sariling bayan
    D. ang pagtangkilik sa gawang dayuhan

15. Si Anna ay isang *domestic helper* sa Macau at naiwan niya ang dalawang anak at ang asawang si Eloy sa Pilipinas. Halos maglilimang taon na siya doon at kahit pa marami siyang ginagawa ay nabibigyang oras niya pa rin ang pamilya upang kausapin ang mga ito araw-araw. Sa sitwasyon nila, ano ang epektibong paraan upang maiwasan at mapaghandaan nila ang epekto ng migrasyon sa kanilang pamilya upang hindi ito mauwi sa paghihiwalayan?
    A. ang pagkakaroon ng mga counseling centers
    B. panatilihin ang bukas na komunikasyon sa isa't-isa
    C. ang madalas na pag-uwi ng asawang nagtatrabaho sa ibang bansa
    D. pagkakaroon ng matatag na pagmamahalan, respeto, at tiwala sa isa't isa

Hangang-hanga na ako sa iyo! Napagtagumpayan mo ng tapusin ang modyul na ito. Nawa'y nakatulong ito sa iyong pagkatuto.

Bilang pagtatapos, gawin na ang karagdagang gawain na naibagay sa huling bahagi ng modyul na ito. Kaya naman di ba?



# *Karagdagang Gawain*


**Gawain 8: Handog Ko sa mga Migranteng Pilipino**

Kumuha ng isang bagay na nasa loob ng inyong bahay. Ang bagay na ito ang siyang magsisilbing simbolo sa saloobin mo tungkol sa epekto ng migrasyon na dulot ng globalisasyon sa inyong pamilya at pamilyang may kamag-anak na OFW. Halimbawa na lamang kung ang iyong nakuhang simbolo ay *face mask* na maaaring sumusimbolo sa proteksyon mula sa pandemiya na nararanasan natin ngayon, na kailangang protektahan din ng mga OFW ang kanilang kalusugan upang makapaghanapbuhay para sa kanilang pamilya.

Pagkatapos mong makapili ay kumuha ng isang *bond paper* (*letter size*) at hatiin ito sa dalawang bahagi. Sa unang bahagi, iguhit ang napili mong bagay maaaring *grayscale* o lagyan ng kulay. Sa natitirang bahagi, isulat mo na ang iyong saloobin tungkol sa situwasyon ng iyong pamilya at ilagay rin ang sarili sa situwasyon ng isang pamilyang may kamag-anak na OFW. Iugnay ito sa nagpag-aralan mo sa buong paksa natin.

**RUBRIK SA PAGMAMARKA NG PAGGUHIT**

| PAMANTAYAN | DESKRIPSYON | PUNTOS |
|---|---|---|
| Nilalaman | Nakagawa ng isang guhit na may simbolo base sa pinapagawa sa gawain. Naiugnay ang guhit sa napag-aralang paksa. | 10 |
| Pagkamalikhain | Pumili ng akmang bagay para sa guhit. Gumawa ng sariling estilo sa pagguhit. | 10 |
| *Craftmanship* | Malinis ang pagkakaguhit ng mag-aaral. Gumamit ng *grayscale* o makulay ang pagkakagawa. | 10 |
| **Kabuuang Puntos** | | **30** |



## *Susi sa Pagwawasto*

**Tayahin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. B | 6. B | 11. B |
| 2. B | 7. C | 12. A |
| 3. C | 8. D | 13. D |
| 4. A | 9. A | 14. A |
| 5. C | 10. D | 15. D |

**Subukin**

| | | |
|---|---|---|
| 1. A | 6. D | 11. B |
| 2. D | 7. C | 12. D |
| 3. B | 8. D | 13. A |
| 4. C | 9. C | 14. D |
| 5. B | 10. A | 15. A |

# *Sanggunian*


**Mga Aklat:**

Anonuevo, A. et. al. Children's response to the challenge of migration Trainors' Training Manual on Capacity Building for Chidren of Overseas Filipinos). Atikha Overseas Workers and Communities Initiative, Inc., 2008.

Antonio, Eleanor D. et. al. Kayamanan: Mga Kontemporaryong Isyu. Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Quezon City: Rex Printing Company, Inc., 2017.

Department of Education. Modyul sa Mag-aaral ng Araling Panlipunan. Unpublished Module, 2017.

Forneste, Gloria Ramos. Usaping Kontemporaryo at Hamong Panlipunan Batay sa K to 12 Curriculum.

**Website:**

Begas, Liefbilly. Pinay na Ginahasa sa Saudi pumanaw na. Retrieved from https://bandera.inquirer.net/129182/... on June 28, 2020.

Mabaquiao Jr., Napoleon M. Globalisasyon, Kultura, at Kamalayang Pilipino. Retrieved from https://ejournals.ph/article.php?id=7900... On Spetember 21, 2020.

Philippine Statistics Authority. Infographics on Net Primary Income. Retrieved from https://psa.gov.ph/infographics/subject-area/... on June 30, 2020.

Wolf, Martin. Pinangangambahan ang Mas Nagkakabaha-bahaging Daigdig. Retrieved from http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/102002361... on May 22, 2020.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *